# "Ang Tagahilot sa Forest Region"

*Joseph C. Eco, EdD*

Ng minsang sumakit ang aking
Na gawa naman ng isang pagkabagsak
Ay dinako namin ang isang malayong barangay sa aming bayan.
Doon kami nagtungo sa may Forest Region.
Ang daanang papunta roon ay sakop ng taniman
At ang bungad ng bahaging ito ay itinatawid ng isang mababang tulay
Na madalas bahain pagkat 'di pa ganap na nakukumpuni.
Gamit ang lumang traysikel ay binagtas namin ang daan
Na medyo baku-bako dala na rin ng kalumaan.
Natagalan kami sa aming lakbay dala na rin
Ng mga mais na ibinibilad sa may isang bahagi ng kalsada.
Narating namin ang destinasyon na tumagal ng halos isang oras
Na byahe mula sa sentro ng lungsod.
Nadatnan namin si "Pare" na kung tawagin ng karamihan.
Walang damit pantaas at mukhang kagagaling sa trabaho.
Mababakas sa kanilang tahanan ang simpleng pamumuhay.
Ang bahay nila ay gawa sa kawayan
at tila kubo naman ang kabuuan.
Matatanaw mo ang kusina
Na siyang madalas makita sa probinsya.

Kung saan nakasabit ang mga kalderong inuling
at nakahanda sa anumang oras ang mga panggatong na kahoy.
Ng makita niya kami ay inalok kami ng upuan
At itinanong ang aming sadya.
"Ipahilot ko sana tong anak ko pare at nabaligtad, sumasakit daw yung likod"
Ang ika ng amang nagdala sa akin.
Ako'y pinahiga ng tradisyunal na masahista
Hinila ang binting na may konekta sa bewang
At saka ito pinatunog.
Niyugyog ang balat ko
Na hinahaplos na kamay niyang nilagyan ng langis.
Sa paghagod ng kamay niya ay dama ko ang paltos,
Ang mga kalyo na siya naming kumikiliti sa aking balat.
Inulit-ulit ang nakagisnan niyang proseso ng pagpapagaling
At iniayos ang nasaktan kong likuran.
Nawala ang sakit sabay ng pagbigay ng aking ama
Ng singkwenta pesos bilang tanda ng kanyang paghilot.
Magaling siyang manghihilot, ngunit bakas ko sa mukha niya
Ang pilay na gawa ng kahirapan.

Bakas ko rin sa hulma niya ang maga ng maghapong pagpapagod
Bilang trabahador upang kumita ng kakarampot.
Nakita ko sa manghihilot ang kalagayan ng aking bayan.

Maraming mayayaman,
Ngunit walang talento at potensyal sa mga bagay-bagay,
Mga umunlad sa kapit at kaunting salapi.
Ngunit ang tulad niya, na siyang marunong magpagod
Ay ang tanging pinipilay pa rin na hirap.
Umuwi kaming may ngiti ang mukha pagkat nawala na ang sakit
Habang ang mismong pumawi nito ay tumatangis sa loob
Dala ng pagod at tila walang katapusang pagpapagal.
Na dinadala na lamang niya sa tradisyunal niyang paghilot.